# Ang suportang kailangan mo, kung kailan mo ito pinakakailangan.

Anuman ang dahilan ng paglapit mo sa amin, mayroon kaming programa o mapagkukunan para suportahan ka sa pag-abot ng iyong mga layunin. Tutulungan ka naming maabot iyon.

## Kawalan ng Trabaho

- Nagbibigay ng pansamantalang kita kapag nawalan ka ng trabaho o nabawasan ng mga oras nang hindi mo kasalanan.
- Maaari kang makatanggap ng mula $40 hanggang $450 kada linggo, depende sa iyong mga kita nitong nakaraang 18 buwan.

**edd.ca.gov/Unemployment**

## Kapansanan o Disability

- Nagkakaloob ng pansamantalang kita kapag hindi ka makapagtrabaho dahil sa isang pagkakasakit o pagkakapinsala na hindi nauugnay sa trabaho, pagbubuntis, o panganganak.
- Maaari kang makatanggap ng 70 hanggang 90 porsyento ng iyong lingguhang sahod na kinita 5 hanggang 18 buwan bago ng petsa ng pagsisimula ng iyong claim.

**edd.ca.gov/Disability**

## Paid Family Leave

- Nagbibigay ng hanggang walong linggong kabayarang benepisyo sa mga taong kailangang lumiban sa trabaho para:
  - Mag-alaga sa isang kapamilya na may sakit na malubha.
  - Makipag-bonding sa isang bagong anak.
  - Makilahok sa isang nagkakwalipikang kaganapan dahil sa militar na pagkakatalaga ng isang kapamilya.
- Maaari kang makatanggap ng 70 hanggang 90 porsyento ng iyong lingguhang sahod na kinita 5 hanggang 18 buwan bago ng petsa ng pagsisimula ng iyong claim.

**edd.ca.gov/paidfamilyleave**

## Mga Serbisyong Pantrabaho

- Bilang bahagi ng sistema ng pagpapaunlad sa mga manggagawa ng estado, ang EDD ay narito para tulungan ang mga naghahanap ng trabaho na makakita ng makabuluhang karera.
  - Maghanap ng pagsasanay na pang-edukasyon at para sa trabaho.
  - Paghahanap ng trabaho, pag-coach sa karera, pagpapatuloy ng suporta, at higit pa.
  - Gamit ang mga lokal na silid na may mapagkukunan tulad ng internet, telepono, at higit pa.
- Makakuha ng mga referral sa mga serbisyong pansuporta kasama ang pangangalaga sa bata, utility, pabahay, at transportasyon.

**edd.ca.gov/StrongerCA**

Alamin ang tungkol sa mga opsyon sa pagbabayad ng benepisyo sa **edd.ca.gov/PaymentOptions.**